MGA DAPAT GAWIN PARA MAKATIPID SA ENERHIYA



#1 Ang mainit na hangin ay tumataas, kaya unahing takpan ang mga bitak at butas sa pinakataas na palapag. Halos ang bawat butas sa iyong bahay ay maaaring selyuhan nang ‘di mo kailangan gumastos. Higit na mahalaga ang iyong aksyon kaysa mga materyales na gagamitin mo. Panatilihin ang init para makatipid.

#2 Punin at tapalan ang lahat ng butas at bitak na maaaring labasan ng hangin. Ang malamig na hangin ay tumatagos sa mga bintana, pintuan at iba pang lagusan tulad ng kisame, sahig at lapag ng bintana. Selyuhan ang lahat ng butas hanggat maaari upang walang makapasok na malamig na hangin, at para na rin maging maginhawa.

#3 Selyuhan ang mga tagas sa silong o basement. May ilang ayaw bumaba ng basement. Ngunit kapag hindi ninyo seselyuhan ang mga butas at bitak, malaki ang mawawalang pagkakataon na makapagtipid ng pera at mapanatiling mainit ang iyong lugar.

eca
www.ecasavesenergy.org

United Way
United Way of Southeastern Pennsylvania
www.uwsepa.org

Copyright © 2004 Energy Coordinating Agency of Philadelphia, Inc. 1924 Arch Street, Philadelphia, PA 19103.
Paalala: Ang presyo ng enerhiya ay mabilis na tumataas, kung kaya’t ang halaga ng matitipid, na nakasulat sa brochure, ay maaaring higit na mababa sa tunay na natitipid.

Additional support provided by Federal Home Loan Bank of Pittsburgh and the Claneil Foundation.

Translation provided by Nationalities Service Center

Ano ang mas nakakapagtipid ng GAS?

Binebenta ang gas gamit ang CCFs o “Hundred Cubic Feet” bilang panukat



Magkabit ng clock thermostat na mayroon “5-degree setback” sa gabi.

MAKAKATIPID KA NG
$138 o 91 CCFs—Bawat Bahay—Bawat Taon



Selyuhan ang malalaking butas sa itaas na palapag at gayon din sa silong o basement.

MAKAKATIPID KA NG
$108 o 71 CCFs—Bawat Bahay—Bawat Taon



Tapalan at itali ang mga natapalang bintana. Sarhan ang mga tagas o magkabit ng plastic window kits.

MAKAKATIPID KA NG
$90 o 59 CCFs—Bawat Bahay—Bawat Taon



Ibaba ang timpla ng tubig (water temperature) sa “warm” o “normal” at baluting maigi ang inyong water heater.

MAKAKATIPID KA NG
$46 o 30 CCFs—Bawat Bahay—Bawat Taon

Ano ang mas nakakapagtipid ng TUBIG?

Ang tubig ay binebenta gamit ang CCFs o “Hundred Cubic Feet” bilang panukat
1 CCF = humigit kumulang 8 galon



Kumpunihin ang mga tumatagas sa toilet, pati na ang mga tubo at gripo.

MAKAKATIPID KA NG
$640 o 150,000 galon—Bawat Aktibong Tulo—Bawat Taon

Kumpunihin ang tumutulong gripo at mga tubong may tagas.

MAKAKATIPID KA NG
$130 o 30,000 galon—Bawat Aktibong Tulo—Bawat Taon

Maligo ng mabilis o maghilamos lang

MAKAKATIPID KA NG
$80 o 18,000 galon—Bawat Pamilya ng 3—Bawat Taon

‘Wag hayaan tumutulo ang tubig habang naghuhugas ng pinggan, nagsisipilyo o nag-aahit

MAKAKATIPID KA NG
$28 o 6,000 galon—Bawat Pamilya ng 3—Bawat Taon

Ano ang mas nakakapagtipid ng KURYENTE?

Ang kuryente ay binebenta gamit ang KWHs o “kilowatt-hours” bilang panukat
1 KWH = 1,000 watts sa metro sa loob ng isang oras



Tanggalin o alisin ang iyong pangalawang refrigerator o freezer.

MAKAKATIPID KA NG
$252 o 1,800 KWH—Bawat Taon



Bawasan ang paggamit ng mga electric space heaters. Gawing angkop sa klima ang iyong bahay at magsuot ng mga panlamig.

MAKAKATIPID KA NG
$101 o 620 KWH—Bawat Heater—Bawat Taon



I-switch sa “fan” ang aircon para mapanatili ang lamig. Magpalabas ng mainit na hangin kung malamig naman sa labas.

MAKAKATIPID KA NG
$49 o 350 KWH—Bawat Pamilya ng 3—Bawat Taon

Ang bawat paggamit ng kuryente ay nakakadagdag konsumo, kung kaya’t isara ang mga TV, ilaw at appliances kapag hindi naman ang mga ito ginagamit.

MAKAKATIPID KA NG
$37 o 267 KWH—Bawat Pamilya ng 3—Bawat Taon